Mga Confidential Sexual Violence Advocate

Naglilingkod ang Mga Confidential Sexual Violence Advocate (CSVAs) sa 21 programa para sa sekswal na karahasan na nakabase sa county ng New Jersey, kung saan gumagamit sila ng trauma-informed approach upang tumulong sa interbensyon sa krisis, mga tawag sa hotline, at adbokasiya para sa nakaligtas.

MAAARING MAGBIGAY ANG ISANG CSVA NG:

- *Interbensyon sa krisis at kumpidensyal na emosyonal na suport.*
- *Mga pagsangguni sa at impormasyon tungkol sa mga available na mapagkukunan.*
- *Pagsama sa mga ospital, istasyon ng pulisya, at sa loob ng hukuman o courtroom.*

Tumatanggap ang mga CSVA ng patuloy na de-kalidad na espesyalisadong pagsasanay sa dynamics ng sekswal na karahasan, ang mga epekto ng trauma sa mga nakaligtas, at pinakamahuhusay na kagawian para sa pagsuporta at pagbibigay-kapangyarihan sa mga nakaligtas at kanilang mahal sa buhay kapag nakikipag-ugnayan sa iba't ibang sistema. Iginagalang ng mga CSVA ang awtonomiya ng bawat nakaligtas na kanilang sinusuportahan at tinitiyak na binibigyang priyoridad ang mga pangangailangan at kaligtasan ng nakalligtas sa bawat hakbang na gagawin.

Maaaring ma-access ng mga nakaligtas at ng kanilang mahal sa buhay ang libre, mahabagin, kumpidensyal na suporta ng isang Confidential Sexual Violence Advocate.

PAGPROTEKTA SA PAGIGING KUMPIDENSYAL NG NAKALIGTAS

Bilang mga kumpidensyal na tagapagtaguyod, binibigyan ng mga CSVA ang mga nakaligtas ng isang ligtas at neutral na espasyo para iproseso ang kanilang trauma at tuklasin ang kanilang mga opsyon. Kinakailangan ng mga CSVA na protektahan ang pagkapribado at kumpidensyal na impormasyon ng mga nakaligtas *(tingnan ang N.J.S.A. § 2A:84A-22.14-15)* maliban kung nalalapat ang isa sa mga sumusunod na pagbubukod:

1. Inutusan ng biktima ang tagapagtaguyod na isiwalat ang impormasyon sa pamamagitan ng nakasulat na pahintulot;
2. Isinisiwalat ng biktima ang impormasyon tungkol sa pang-aabuso o pagpapabaya sa isang bata o walang kalaban-labang nasa hustong gulang, kung saan inatasan ng batas ang mga CSVA na ireport *(tingnan ang N.J.S.A. §§ 9:6-8.9, 9:6-8.10, 9:6-8.14, AG Standard 7 for Providing Services to Victims of Sexual Assault [2018])*.

Kung ikaw o ang isang mahal sa buhay ay naapektuhan ng sekswal na karahasan at nangangailangan ng suporta, maaari mong tawagan ang 24-oras na Hotline ng Buong Estado sa 1-800-601-7200 o pumunta sa njcasa.org/find-help para sa impormasyon tungkol sa iyong lokal na programa sa sekswal na karahasan at mga available na mapagkukunan.

ANG SART AT ANG TUNGKULIN NG MGA CSVA

Binubuo ng mga CSVA ang isang-katlo ng Sexual Assault Response Team (SART), isang interdisciplinary team ng mga eksperto kung saan kabilang ang mga opisyal ng tagapagpatupad ng batas at sexual assault nurse examiner (SANEs)/forensic nurse examiner (FNEs). Kapag in-activate ang SART ng isang nakaligtas sa sekswal na karahasan, nagtutulungan ang mga miyembro ng team upang magbigay ng tulong sa pag-access at pag-navigate sa iba't ibang serbisyo sa medikal, legal, at iba pang suportang available sa nakaligtas.

Maaaring mangyari ang pag-activate ng SART sa pamamagitan ng isang ospital, istasyon ng pulisya, o programa ng sekswal na karahasan. **Maaaring humiling o tanggihan ng mga nakaligtas ang alinman sa mga bahagi ng isang SART—pagpapatupad ng batas, mga SANE/FNE, o kumpidensyal na serbisyo ng adbokasiya—kapag pumayag sila sa pag-activate.** Kapag na-activate na ang SART, dapat tumugon ang mga miyembro sa loob ng isang oras.

Maaaring ma-access ng mga nakaligtas na may edad 13 taong gulang pataas at pumayag sa pag-activate ng SART ang mga serbisyong ito kung nakaranas sila ng pananakit sa loob ng **huling 7 araw** (o, kung maghihintay sila na gumawa ng pagsisiwalat, hanggang 9 na araw pagkatapos ng pananakit, kung natukoy ng isang SANE/FNE na ang magagamit na forensic evidence ay maaari pa ring maging available para kolektahin).

PAANO MAGING ISANG CSVA

Nakatuon ang mga CSVA sa paglilingkod sa mga nakaligtas at sa kanilang mahal sa buhay nang may habag, empatiya, at paggalang at pagtataguyod para sa isang mundong malaya sa karahasan sa pamamagitan ng isang anti-racist, anti-oppression lens. Maaaring suportahan ng mga CSVA ang 24-oras na hotline ng kanilang programa, maglingkod bilang mga miyembro ng Sexual Assault Response Teams, at tulungan ang mga nakaligtas sa paggawa ng matatalinong desisyon at pag-navigate sa mga available na sistema at serbisyo.

Maaari kang mag-aplay para maging isang CSVA sa isa sa mga programa ng sekswal na karahasan ng New Jersey kung natutugunan mo ang mga sumusunod na kinakailangan*:

- 18 taong gulang pataas;
- Naninirahan malapit sa isang programa ng county;
- Mayroong valid na lisensya sa pagmamaneho at/o maaasahang transportasyon;
- May kumpiyansa kapag nagbibigay ng direktang serbisyo sa mga nakaligtas (o isang kahandaan na matuto!);
- Pagbibigay ng pahintulot para sa pagsusuri kung mayroong kriminal na background;
- Handang paghusayin ang iyong kaalaman sa sekswal na karahasan at mga sistema, kabilang ang pagkumpleto ng minimum na 40-oras na pagsasanay sa CSVA;
- Handang maging isang reporter ng pang-aabuso sa bata at nakatatanda ayon sa ipinag-uutos ng batas; at
- Nakatuon na paglingkuran ang lahat ng indibidwal sa komunidad, anuman ang kasarian, edad, sekswal na oryentasyon, lahi, etnisidad, pananampalataya o espirituwal na kasanayan, kita, o kakayahan.

**Maaaring may karagdagang kinakailangan ang mga indibidwal na programa.*

Alamin Pa:

www.njcasa.org/get-involved/volunteer

njcoalition
against sexual assault

© New Jersey Coalition Against Sexual Assault 2024. Ang New Jersey Coalition Against Sexual Assault (NJCASA) ay ang adbokasiya ng buong estado at capacity building na organisasyon na kumakatawan sa 21 sentro para sa krisis ng panghahalay na nakabatay sa county, ang Rutgers University - New Brunswick Office for Violence Prevention and Victim Assistance, at isang pangkat ng mga organisasyong partikular sa kultura.